KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

Resolution Bilang 38, Serye 2015

Resolusyon hinggil sa Pagpapalawig ng Panunungkulan "Term of Office" ng Kasalukuyang KMBA Board of Trustees

SAPAGKAT, may kabilisan ang turn-over ng opisyales dahil sa maikling terminong naitakda, at dahil sa ikli ng panahon ng panunungkulan, hindi ito sapat upang magampanang lubos ng mga halal na opisyales ang kanilang tungkulin at mga gawain;

SAPAGKAT, kaugnay ng pagpapalit ng opisyales ay ang mabilis din na pagpapalit ng "signatories" para sa bangko at iba pang ahensya ng gobyerno bilang pagtugon sa mga ulat na kailangang isumite.

SAPAGKAT, nais mabigyan ng pagkakataon na matapos ng mga kasalukuyang pamunuan ang mga proyektong kanilang sinimulan;

Ngayon dahil dito, napagpasyahan ng kapulungan na palawigin ang termino ng panunungkulan ng Board of Directors mula ngayon hanggang sa susunod na eleksyon sa Hunyo 2016.

Samakatuwid, ang kasalukuyang BOT na may dalawang taong termino ay palalawigin hanggang tatlong taon, dahil ang kasalukuyang pamunuan ay nasa ikalawang taon na ng panunungkulan, sila ay magsisilbi hanggang Hunyo 2016;

Samantala, ang kasalukuyang BOT na may isang taong termino dahil sa pinakamababang boto na nakuha ay palalawigin ang panunungkulan ng dalawang taon, dahil dito ang kasalukuyang pamunuan na dapat matapos ngayon taon ay manunungkulan hanggang sa Hunyo 2016.

Ang kapasyahang ito ay inaasahang ipapatupad mula sa kasalukuyang taon (2015) matapos ito ay pagtibayin at pormal na aprubahan.

Sa pagpapatibay ng kapasyahang nabanggit, ang Board of Trustees ay lumagda sa resolusyong ito ngayon ika-27 ng Marso, 2015 Lungsod Quezon.

ELIZABETH N. YAYON
Pangulo

JUDEA T. GUTIERREZ
Ingat-yaman

JERLENE B. PEREZ
Kalihim

AILENE V. RAMOS
Miyembro

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com

KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

MARVIC R. LOTERTE
Miyembro

PERLA F. BATINGAL
Independent Board

MA. JONA K. PAROLAN
Miyembro

Pinagtibay ni:

SILVIDA R. ANTIQUERA
General Manager

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com